# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

タガログ語版

**Bilang 6**

Inilathala Pebrero 5, 2020

Isinagawa noong Enero ang ika-6 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake. Ihahatid sa inyo ang nilalaman noon.

## ◇ Napagpasyahan ang Simbolo ng Paaralan

Mula sa mga gawang isinali, nahirang ang pagpipilian, at nagsagawa ng botohan sa mga batang mag-aaral ng Soho Elementary School at Karatake Elementary School. Iginalang ang resulta noon at pinagpasyahan ang simbolo ng paaralan!!

### Simbolo ng Futamuradai Elementary School

[Taong nag-isip ng gawang tinanggap para gamitin]
Mr. Tomohiro Suzuki (nasa 30 anyos, nakatira sa lungsod)

[Damdaming ipinaloob ni Mr. Suzuki sa kanyang gawa]
Isang simbolo para sa ipagsasamang 2 paaralan. Katulad ng mirasol na bulaklak ng Lungsod ng Toyoake, sana maging masayahin, malusog at may positibong pagtingin ang mga batang mag-aaral. Ipinasok ko ang pangalan ng paaralan upang madaling malaman ang pangalan ng bagong paaralan.

## ◇ Ukol sa Programa para sa Paghahalubilo sa SY 2020

Isinasagawa ang "panlabas na aktibidad" at "klase ng paglangoy" nang magkasama ang dalawang paaralan bilang paraan ng paghahalubilo ng mga bata mula SY 2019. Sa SY 2020, kasama ng pagdanas na lakarin ang bagong daan sa pagpasok sa paaralan ng mga batang mag-aaral ng Karatake Elementary School, magsasagawa rin ng paghahalubilo ng mga batang mag-aaral ng dalawang paaralan.

## ◇ Ukol sa PE Uniform atbp. ng Futamuradai Elementary School

| | |
|---|---|
| PE Uniform (itaas) | Puting maiksi ang manggas na PE shirt (walang disenyo at walang simbolo ng paaralan). Maaari namang gamitin pa rin ang ginagamit ngayong PE uniform. |
| Safety cap | Gagamitin ang cap ngayon. Papalitan naman ang simbolong nakakabit sa cap.<br>*Ihahanda at ipamamahagi ng lungsod bago ng pagbubukas ng paaralan ang simbolo ng paaralan (o pangalan ng paaralan) na ikakabit sa cap . |
| Name tag | Pahalang o pahigang name tag.<br>*Para sa batang mag-aaral na mayroon nang name tag, maghahanda at mamamahagi ang lungsod ng bagong name tag (kasama ang base cloth). |

## ◇ Ukol sa Hakbang sa Kaligtasang Binabalak ng Lungsod para sa Daanan sa Pagpasok sa Paaralan

Nakatala sa website ng lungsod sa wikang Hapon ang hakbang sa kaligtasang binabalak para sa daanan sa pagpasok sa Futamuradai Elementary School. Para sa nais makaalam ng mga detalye, mangyari lamang na magtanong sa Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall.

Isinusulong naman ang pag-aaral ukol sa aktibidad ng pagbabantay para sa ligtas na pagpasok at pag-uwi mula sa paaralan ng mga bata.

Address ng website ng pahina kung saan nakatala:
**https://www.city.toyoake.lg.jp/6327.htm**



**Mangyari lamang na sumali kayo sa aktibidad ng pagbabantay para sa kaligtasan ng mga batang papasok sa Futamuradai Elementary School**

Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

**Para sa mga Katanungan Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall TEL 0562-92-8316**